**A Father's Heart**

# Ang Pagpapala ng Isang Ama

## WARM-UP

- Ano ang nararamdaman mo sa tuwing may nagbibigay sa iyo ng regalo? Ano ang nagiging tugon mo?
- Ano ang isang bagay na hinahangaan mo sa iyong ama?
- Balikan ang isang pagkakataon na kinailangan mong maglaan ng oras upang matutunan ang isang bagay. Ano ang ginawa mo?

## WORD

*[1]Mapalad kayong may takot sa Panginoon, na namumuhay ayon sa kanyang pamamaraan. [2]Ang inyong pinaghirapan ay magiging sapat sa inyong pangangailangan, at kayo'y magiging maunlad at maligaya. [3]Ang inyong asawa ay magiging katulad ng ubasan sa inyong tahanan, na sagana sa bunga, at ang inyong mga anak na nakapaligid sa inyong hapag-kainan ay parang mga bagong tanim na olibo. [4]Ganito pagpapalain ang sinumang may takot sa Panginoon.*
**SALMO 128:1–4**

(Read also **SALMO 128:5,6.**)

Tinawag ng Diyos ang mga magulang na maging tagapangalaga ng kanilang mga pamilya upang magabayan nila ang kanilang mga anak tungo sa kaparaanan ng Diyos. Subalit dahil sa ang mundong ito ay makasalanan, isang pagsubok ang makapamuhay sa paraang makadiyos at makapamuno ng isang makadiyos na pamilya. Ito ay magagawa lamang ng mga taong may takot sa Diyos, na bunga ng kanilang kaalaaman at pagkaunawa sa kung sino Siya. Kung tunay nating kilala, nauunawaan, at kinatatakutan ang Diyos, susundin natin Siya at mamumuhay tayo ayon sa Kanyang kaparaanan. Habang kinikilala at sinusundan natin Siya, ang Kanyang mga pagpapala ay mapapasaatin ( Deuteronomio 28:2). Ngayon, titingnan natin kung paano pinagpapala ng Diyos ang isang ama na may takot at sumusunod sa Kanya.

## 1 Pinagpapala ng Diyos ang pinaghirapan ng isang ama na may takot sa Kanya.

*[1]Mapalad kayong may takot sa Panginoon, na namumuhay ayon sa kanyang pamamaraan. [2]Ang inyong pinaghirapan ay magiging sapat sa inyong pangangailangan, at kayo'y magiging maunlad at maligaya.* **SALMO 128:1,2**

Ang takot sa Panginoon ay makakaapekto sa lahat ng bahagi ng buhay ng isang ama. Maaapektuhan nito ang kanyang pag-iisip at maging ang kanyang pag-uugali sa bahay at sa lugar kung saan siya nagtatrabaho. Magkakaroon siya ng karunungan na magbibigay sa kanya ng mabuting pang-unawa (Salmo 111:10). Hindi masasayang ang kanyang mga pinaghirapan dahil ang Diyos ang sentro ng kanyang sambahayan. Ikasisiya niya ang kanyang mga ginagawa dahil ang mga mga ito ay bunga ng pagnanais na sundin at bigyan ng kagalakan ang Diyos. Sa sarili mong pamumuhay kapiling ang Diyos, ano ang maaari mong gawin upang mamuhay nang sumusunod sa kagustuhan Niya? Ano ang sinasabi sa Mga Kawikaan 2:1–6 tungkol sa kung paano natin maiintindihan ang takot sa Panginoon at mas makilala pa Siya?

## 2 Pinagpapala ng Diyos ang pamilya ng isang ama na may takot sa Kanya.

*Ang inyong asawa ay magiging katulad ng ubasan sa inyong tahanan, na sagana sa bunga, at ang inyong mga anak na nakapaligid sa inyong hapag-kainan ay parang mga bagong tanim na olibo.* **SALMO 128:3**

Ang isang ama na may takot sa Panginoon ay magkakaroon ng mabungang pamumuhay na makahihikayat sa buong sambahayan na tularan siya at makapagdadala ng saya sa kanyang tahanan. Ang kanyang tahanan ay magkakaroon ng kasaganaan dahil ang kanyang halimbawa ay makahihikayat maging ng mga susunod na henerasyon upang sila rin ay magkaroon ng malalim na ugnayan sa Diyos at maging masagana. Sa iyong sariling sambahayan, paano mo maipakikita ang pagsunod mo sa Diyos? Ano ang sinasabi sa Mateo 5:16 tungkol sa pagiging mabuting halimbawa sa iba?

## APPLICATION

- Ang Diyos ang ating Ama. Paano ka natulungan ng kaalamang ito upang sumunod sa Kanya? Ano ang maaari mong gawin upang maibigay sa Kanya ang karangalan at pagsamba na nararapat Niyang matanggap?
- Naniniwala ka ba na magagamit ka ng Diyos upang magsilbing halimbawa sa iba habang nagnanais ka ng mabunga at kapaki-pakinabang na buhay? Paano mo matutulungan ang iyong mga kapamilya at kaibigan upang mas maunawaan nila kung sino ang Diyos at magawa nilang sumunod din sa Kanya?
- Paano ka magiging isang pagpapala sa susunod na henerasyon? Ano ang kailangan mong gawin upang matulungan silang lumago, umunlad, at maging sagana sa bunga?

## PRAYER

- Ilaan ang oras na ito upang pasalamatan ang Diyos para sa iyong ama rito sa lupa. Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano mo mapaparangalan ang iyong ama ngayon at magagawang mahalin siya ayon sa pagmamahal na nagmumula sa Diyos.
- Ipanalangin na habang inaalam mo ang kalooban ng Diyos, matanggap mo mula sa Kanya ang kakayahan upang patuloy na sundin Siya habambuhay. Ipanalangin na magkaroon ka ng karunungan at mga pagkakataon na makapagbahagi ng buhay at pagpapala sa iba sa pamamagitan ng iyong pananalita.
- Ipanalangin na habang tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako sa iyo at sa iyong pamilya, ikaw ay gamitin Niya upang maging patotoo ng Kanyang katapatan na maka-aakay sa iba na sumunod din sa Kanya.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph